

# Online na NAPLAN – impormasyon para sa mga magulang at mga tagapag-alaga



2021

## Gagawin ng iyong anak ang mga NAPLAN na pagsusulit sa online

Nagkasundo ang pederal, estado at mga ministro ng edukasyon sa teritoryo na dahan-dahang lumipat ang mga paaralan mula sa kasalukuyang NAPLAN na nakabatay sa papel tungo sa Online na NAPLAN para makapagbigay ng mas mahusay at mas tumpak na pagtatasa na mas kaakit-akit sa mga mag-aaral.

Tutukuyin ng mga awtoridad ng estado at mga awtoridad ng edukasyon sa teritoryo kung lilipat ang kanilang mga paaralan sa online. Ang kasalukuyang plano ay para sa lahat ng paaralan na lumipat sa Online na NAPLAN sa 2022.

Isa sa mga benepisyo ng Online na NAPLAN ang pagiging isa nitong pinasadya (o iniangkop) na pagsusulit, kung saan inilalahad ng pagsusulit ang mga tanong na may mas mataas o mas mababang pagkakumplikado ayon sa performance ng mag-aaral.

Idinisenyo ang pinasadya (o iniangkop) na pagsusulit para suriin ang mas malawak na hanay ng mga kakayahann ng mag-aaral at para mas tumpak na sukatin ang nagawa ng mag-aaral. Hindi dapat mabahala ang iyong anak kapag nakakita sila ng mas mahihirap na tanong; baka kumukuha sila ng mas kumplikadong disenyo ng pagsusulit. Nakabatay sa bilang at pagkakumplikado ng mga tanong na nasasagot nila nang tama ang pangkalahatang marka ng mag-aaral sa NAPLAN.

## Bakit kukuha ng NAPLAN ang mga mag-aaral?

Sinusuri ng Programa sa Pambansang Pagtatasa – Kakayahang Magbasa, Magsulat, at Magbilang (National Assessment Program – Literacy and Numeracy o NAPLAN) ang kakayahang magbasa, magsulat, at magbilang na mahalaga sa bawat mag-aaral para umunlad sa paaralan at sa buhay.

Lumalahok sa mga taunang pagsusulit na NAPLAN ang mga mag-aaral sa mga Taong 3, 5, 7 at 9 para sa pagbasa, pagsulat, mga kumbensyon ng wika (pagbaybay, balarila at bantas) at kakayahang magbilang.

Ang pagtatasa ay nagbibigay sa mga magulang at paaralan ng pag-unawa kung paano nagpe-perform ang bawat mag-aaral sa panahon ng mga pagsusulit. Isang aspekto lang sa pagsusuri ng paaralan at proseso ng pag-uulat ang NAPLAN – hindi nito papalitan ang mga kasalukuyang pagtatasa na ginawa ng mga guro tungkol sa performance ng mag-aaral.

Magbibigay din ang NAPLAN sa mga paaralan, mga awtoridad ng edukasyon at pamahalaan ng impormasyon tungkol sa proseso ng mga programa sa edukasyon at kung nakakakuha ng mahahalagang resulta sa edukasyon ang mga Australyano sa kakayahang magbasa, magsulat, at magbilang.

## Ano ang tatasahin ng NAPLAN?

Sinusuri ng NAPLAN ang kakayahang magbasa, magsulat, at magbilang na natututuhan ng mga mag-aaral sa kanilang regular na kurikulum sa paaralan. Nag-ambag ang lahat ng awtoridad sa edukasyon ng gobyerno at hindi-gobyerno sa pagpapaunlad ng mga materyales ng NAPLAN.

Sinusuri ang mga mag-aaral sa parehong nilalaman ng kurikulum sa kakayahang magbasa, magsulat, at magbilang, nakumpleto man nila ang mga pagsusulit sa online o sa papel. Ang mga resulta sa parehong format ay puwedeng iulat sa parehong sukatan ng pagtatasa ng NAPLAN.

Para alamin pa ang tungkol sa Online na NAPLAN, bumisita sa [nap.edu.au](http://nap.edu.au)

## Ano ang magagawa ko para suportahan ang aking anak?

Hindi isang pagsusulit ang NAPLAN na maaaring pag-aralan at hindi inaasahan ang mga estudyante na kunin ito.

Matutulungan mo ang iyong anak sa pamamagitan ng pagtitiyak sa kanila na isang bahagi lang ng programa ng kanilang paaralan ang NAPLAN, at sa pagpapaalala sa kanila sa mismong araw na gawin lamang nila ang kanilang makakaya.

Hindi inirerekomenda ng ACARA ang labis na paghahanda para sa NAPLAN o ang paggamit ng mga serbisyo ng tagapagbigay ng pagtuturo.

Tiyakin na pamilyar ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga device, ang pag-type sa mga ito at pag-navigate sa mga programa ay isang bahagi ng pag-aaral ng mag-aaral at kinakailangan ng Kurikulum ng Australia mula sa unang taon sa paaralan.

Hindi isang pagsusulit sa mga kasanayan sa keyboard ang Online na NAPLAN. May mga pagkakaiba-iba sa kung gaano kabilis at kahusay ang pag-type ng isang mag-aaral - tulad din ng mga pagkakaiba-iba sa kung gaano kabilis at kahusay ang pagsulat ng mag-aaral gamit ang kamay. Kukumpletuhin ng mga mag-aaral sa Taon 3 ang pagsusulit sa pagsulat sa papel.

Sisiguruhin ng mga guro na pamilyar ang mga mag-aaral sa uri ng mga tanong sa mga pagsusulit at magbibigay ng naaangkop na suporta at gabay.

Tingnan ang mga uri ng mga tanong at mga nauugnay na function na magagamit sa pagtatasang Online na NAPLAN sa [nap.edu.au/online-assessment/public-demonstration-site](http://nap.edu.au/online-assessment/public-demonstration-site)

## Pakikilahok sa NAPLAN

Inaasahan ang lahat ng mag-aaral sa mga Taong 3, 5, 7 at 9 na lumahok sa taunang pagtatasa ng NAPLAN. Maaaring maging kuwalipikado para sa mga pag-aayos ang mga mag-aaral na may kapansanan na sumasalamin sa suporta na karaniwang ibinibigay para sa mga pagtatasa sa silid-aralan. Dapat mong talakayin ang paggamit ng anumang pag-aayos para sa iyong anak sa guro ng iyong anak.

Ang mag-aaral na may kapansanan na malubhang nalimitahan ang kanilang kakayahang lumahok sa pagtatasa, o isang mag-aaral na kamakailan lang dumating sa Australia at may karanasan sa pagsasalita ng hindi wikang Ingles, ay maaaring bigyan ng pormal na pagbubukod.

Bibigyan ka ng punongguro ng iyong paaralan at ng awtoridad sa lokal na pamamahala ng pagsusulit ng impormasyon sa mga espesyal na probisyon o ang proseso na kinakailangan para makakuha ng pormal na pagbubukod.

## Paano kung lumiban ang anak ko sa paaralan sa mga araw ng NAPLAN?

Kung maaari, maaaring mag-ayos ang mga paaralan para sa mga indibidwal na estudyante na hindi pumasok sa oras ng pagsusulit para kumpletuhin ang mga napalampas na pagsusulit sa ibang pagkakataon sa iskedyul ng pagsusulit ng paaralan.

## Iskedyul ng Online na NAPLAN

Ang panahon ng pagtatasa ng Online na NAPLAN ay siyam na araw sa halip na tatlong araw na ibinigay para sa pagsusulit sa papel. Ito ay para mabigyan ang mga paaralan ng kakayahang maging pleksible sa pag-i-iskedyul at mapagbigyan ang mga paaralan sa pag-i-iskedyul at tulungan ang mga paaralan na maaaring may mas kaunting device.

Magsisimula sa Martes, Mayo 11 at magtatapos sa Biyernes Mayo 21, 2021 ang panahon ng pagtatasa ng Online na NAPLAN.

Ang mga kinakailangan sa pag-i-iskedyul ng pagsusulit sa online ay nakadetalye sa talahanayan sa ibaba.

## Paano iniuulat ang performance ng aking anak?

Ipinapakita ang indibidwal na performance ng mag-aaral sa isang pambansang sukatan ng nakamit para sa bawat pagtatasa. Ipinapahayag ng resulta sa pambansang minimum na pamantayan na nagpapakita ang mag-aaral ng mga pangunahing kakayahan sa pagbasa, pagsulat, at pagbilang na kailangan para ganap na lumahok sa antas na iyan.

Mag-iisyu ang paaralan ng iyong anak ng indibidwal na ulat sa NAPLAN para sa mag-aaral sa huling bahagi ng taon. Kung hindi ka makatanggap ng ulat, dapat kang makipag-ugnayan sa paaralan ng iyong anak.

## Paano ginagamit ang mga resulta ng pagsusulit sa NAPLAN?

- Maaaring gamitin ng mga mag-aaral at magulang ang bawat resulta para talakayin ang pag-unlad sa mga guro.
- Gagamitin ng mga guro ang mga resulta para mas mahusay na matukoy ang mga mag-aaral na makikinabang sa mas malalaking hamon o dagdag na suporta.
- Gagamitin ng mga paaralan ang mga resulta para matukoy ang mga kalakasan at dapat pahasayin sa mga programa sa pagtuturo, at para magtakda ng mga layunin para sa kakayahang magbasa, magsulat, at magbilang.
- Gagamitin ng mga sistema ng paaralan ang mga resulta para suriin ang mga programa at suporta na inaalok sa mga paaralan.
- Maaaring makita ng komunidad ang mga average na resulta ng NAPLAN sa [myschool.edu.au](https://myschool.edu.au)

## Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon?

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa NAPLAN:

- makipag-ugnayan sa paaralan ng iyong anak
- makipag-ugnayan sa awtoridad ng iyong lokal na tagapamahala ng pagsusulit sa [nap.edu.au/TAA](https://nap.edu.au/TAA)
- bumisita sa [nap.edu.au](https://nap.edu.au)

Para alamin kung paano pangasiwaan ng ACARA ang personal na impormasyon para sa NAPLAN, bumisita sa [nap.edu.au/naplan/privacy](https://nap.edu.au/naplan/privacy)

Pagsusulit	Mga kailangan sa pag-iskedyul	Tagal	Paglalarawan sa pagsusulit
<b>Pagsulat</b>	Gagawin ng mga mag-aaral ng Taon 3 ang pagsusulit sa pagsulat na naabatay sa papel (sa unang araw lamang)  Dapat magsimula sa unang araw ang Taon 5 (dapat na unahin ng mga paaralan ang pagkumpleto ng pagsulat sa buong una at ikalawang araw lang)  Dapat magsimula sa ikawalang araw ang Taon 7 at 9 (dapat na unahin ng mga paaralan ang pagkumpleto ng pagsulat sa buong ikalawa at ikatlong araw lang)	Taon 3: 40 min. Taon 5: 42 min. Taon 7: 42 min. Taon 9: 42 min.	Binibigyan ang mga mag-aaral ng isang 'pampasigla sa pagsulat' (tinatawag kung minsan na isang 'hudyat' - isang ideya o paksa) at hinihiling na sumulat ng tugon sa partikular na genre (salaysay o mapanghimok na pagsusulat)
<b>Pagbasa</b>	Para matiyak na makumpleto ng mga paaralang online ang mga pagsusulit sa NAPLAN sa loob ng siyam-na-araw na panahon ng pagsusulit, maaaring magsimula sa pagbasa sa unang araw ang mga Taon 7 at 9 na mga mag-aaral: gayunpaman, dapat na magsimula ang pagsulat sa ikalawang araw bilang dapat unahin ang pagsusulit sa pagsulat sa alinman sa muling naiskedyul na pagsusulit sa pagbasa mula unang araw.  Kukumpletuhin <b>bago</b> ang mga kumbensyon ng pagsusulit sa wika	Taon 3: 45 min. Taon 5: 50 min. Taon 7: 65 min. Taon 9: 65 min.	Magbabasa ang mga mag-aaral ng iba't ibang impormatibo, malikhain at mapanghimok na teksto at sasagutin pagkatapos ang mga kaugnay na tanong
<b>Mga kumbensyon ng wika</b>	Kukumpletuhin <b>pagkatapos</b> ng pagsusulit sa pagbasa	Taon 3: 45 min. Taon 5: 45 min. Taon 7: 45 min. Taon 9: 45 min.	Tinatasa ng pagsusulit na ito ang pagbaybay, balarila at pagbabantas
<b>Kakayahang magbilang</b>	Kukumpletuhin <b>pagkatapos</b> ang mga kumbensyon ng pagsusulit sa wika	Taon 3: 45 min. Taon 5: 50 min. Taon 7: 65 min. Taon 9: 65 min.	Tinatasa ng pagsusulit na ito ang numero at algebra, pagsukat at geometry, at estadistika at probability